| MATATAG K to 10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | DepEdClub.com | Baitang: | 1 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | Makabansa |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | NOVEMBER 11 - 15, 2024 (WEEK 7) | Markahan at Linggo: | Ikalawang Markahan |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Nauunawaan ang mga bahaging ginagampanan at tungkulin bilang kasapi ng pamilya | | | |
| *B. Pamantayang Pagganap* | Nakagagawa ng likhang-sining na nagpapakita ng papel at tungkulin ng mga kasapi ng pamilya | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Napahahalagahan ang papel at tungkulin ng mga kasapi sa pamilya | | | |
| *D. Mga Layunin* | 1. Nakasasagot sa mga tanong tungkol sa maikling kuwentong binasa sa harap ng klase<br>2. Nakapagbabahagi ng saloobin tungkol sa maikling kuwentong binasa sa harap ng klase | Naiisa-isa ang mga alituntunin para sa kalinisan, kalusugan, at kaligtasan ng pamilya | Natutukoy ang mga epekto ng pagsunod at hindi pagsunod sa mga alituntunin para sa kalinisan, kalusugan, at kaligtasan ng pamilya | Naipakikita ang kahalagahan ng pagsunod sa alituntunin ng pamilya sa pamamagitan ng laro |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | **Ako Bilang Kasapi ng Pamilya** | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | | | | |
| *B. Iba pang Kagamitan* | Maikling Kuwento: Matulunging Bata | Maikling Kuwento: Matulunging Bata | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Source: https://pinoycollection.com/maikling-kwento- | Source: https://pinoycollection.com/maikling-kwento-tungkol-sa-pamilya/#Matulunging-Bata | | |
| | tungkol-sa-pamilya/#Matulunging- Bata | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| *Panimulang Gawain* | Balik Aral:<br><br>Magbalik-aral sa mga konseptong tinalakay noong nakaraang linggo.<br><br>Magpapakita ang guro ng larawan ng isang pamilya at papangalanan ng mga mag-aaral ang iba't ibang kasapi ng pamilya.<br><br>*Maari ring magpakita ang guro ng larawan ng isang pamilya na may iisang magulang lamang at larawan ng iba pang uri ng pamilya.* | Balik Aral:<br><br>Magbalik-aral sa mga konseptong tinalakay noong nakaraang araw.<br><br>Itatanong ng guro kung sino- sino ang mga kasapi ng isang pamilya at ano ang kani- kanilang papel na ginagampanan. | Balik Aral<br><br>Magbalik-aral sa mga konseptong tinalakay noong nakaraang araw.<br><br>Isusulat ng guro ang mga sumusunod na pangungusap sa pisara at pupunan ng tamang salita ng mga mag-aaral mula sa pagpipilian.<br>papel<br>tungkulin<br>alituntunin<br><br>1. ______ko ang mag-aral nang mabuti.<br>2. Ang pagtulong kay nanay ay isang ____________na ginagampanan ko.<br><br>3. _____________namin sa bahay ang umuwi sa takdang oras na sinabi. | Balik Aral<br><br>Magbalik-aral sa mga konseptong tinalakay noong nakaraang araw.<br><br>Isusulat ng guro ang sumusunod na mga salita sa pisara at ipababasa sa mga mag-aaral.<br><br>kalinisan kalusugan<br>kaligtasan<br>alituntunin<br><br>Gagamitin ng mga mag- aaral ang mga salitang ito sa pangungusap nang may gabay ng guro. |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Isusulat ng guro ang mga salitang papel, tungkulin, at alituntunin sa pisara at ipagamit sa mga mag-aaral ang mga salitang ito sa pangungusap. | |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | Ipahahayag ng guro ang layunin ng aralin:<br>"Ngayong araw ay magbabasa tayo ng isang kuwento na may kinalaman sa pagsunod sa alituntunin sa pamilya." | Ipahahayag ng guro ang layunin ng aralin:<br>"Ngayong araw ay iisa-isahin natin ang mga alituntunin para sa kalinisan, kalusugan, at kaligtasan ng pamilya." | Ipahahayag ng guro ang layunin ng aralin:<br>"Ngayong araw ay aalamin natin ang epekto ng pagsunod at hindi pagsunod sa mga alituntunin sa pamilya na may kinalaman sa kalinisan, kalusugan, at kaligtasan. | Ipahahayag ng guro ang layunin ng aralin:<br>"Ngayong araw ay ipakikita natin ang kahalagahan ng pagsunod sa mga alituntunin sa pamamagitan ng isang laro." |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | 1. Ipaliliwanag ng guro ang mga sumusunod na mga salita gamit ang larawan at pangungusap.<br><br>tungkulin<br><br>papel alituntunin<br><br>Mungkahi: Maaaring maghanap ang guro ng mga larawan na makatutulong magpaliwanag ng mga salitang tungkulin at papel. | 1. Ipaliliwanag ng guro ang mga sumusunod na mga salita gamit ang larawan at pangungusap.<br><br>kalinisan kalusugan kaligtasan<br><br>2. Gagamitin ng mga mag- aaral sa sarili nilang pangungusap ang mga salitang ibinigay.<br><br>3. Tatawag ang guro ng ilang mag-aaral upang sumubok na ipaliwanag ang kahulugan ng mga salitang tinalakay. | 1. Isusulat ng guro ang mga sumusunod na salita sa pisara:<br>epekto kalinisan<br>kalusugan<br>kaligtasan<br><br>2. Itatanong ng guro kung ano ang naalala ng mga mag-aaral sa mga tinalakay noong nakaraang araw na may kinalaman sa mga ibinigay na salita.<br><br>3. Tatawag ang guro ng ilang mag-aaral upang sumubok na gamitin ang mga ito sa pangungusap. | Magpapakita ang guro ng mga larawan na nagpapakita ng pagsunod sa alituntunin na may kinalaman sa kaligtasan, kalusugan, at kalinisan.<br><br>- batang nagtatapon ng basura sa tamang tapunan<br>- magkakapatid na nagtutulungang maghugas ng pinggan.<br>- magkakapatid na tumitingin sa ilaw ng stop light bago tumawid |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 2. Ipaliliwanag ng guro ang mga salita sa pamamagitan ng paggamit ng mga ito sa pangungusap. | | | Mungkahi: Maari pang magdagdag ang guro ng ibang mga larawan. |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Hal.<br><br>Iba-iba ang **papel** ng mga miyembro na bumubuo sa isang pamilya.<br><br>Bawat kasapi ng pamilya ay may **tungkulin** na dapat gampanan upang makatulong sa isa't isa.<br><br>Dapat tayong sumunod sa mga **alituntunin** upang maging mapayapa ang pamumuhay.<br><br>3. Tatawag ang guro ng ilang mag-aaral upang sumubok ipaliwanag ang kahulugan ng mga salitang papel,<br>tungkulin, at<br>alituntunin. | | | |
| | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagbasa sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | Babasahin ng guro ang kuwentong “Matulunging Bata.”<br><br>**Matulunging Bata**<br><br>Ang mabait, masipag, maalalahanin, at mapagmahal na bata ay tumutulong nang kusa | Gagamitin ng guro ang kuwento na binasa noong nakaraang araw at ilalagay ito sa pisara.<br><br>Para sa aking sarili, inilalagay ko sa kani- kanilang lalagyan ang lahat ng aking gamit sa paaralan at sa bahay. Sa ganitong paraan, hindi ako | Babasahin ng guro ang sumusunod na mga sitwasyon isa-isa at magpapares-pares ang magkakatabi upang pag-usapan kung ano ang maaaring idulot ng bawat sitwasyon. Pipili ang guro ng mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang napag-usapan. | *Paint Me A Picture:* Ipapangkat sa limang grupo ang mga mag-aaral. Bawat grupo ay tatayo at magsasama. Babasahin ng guro ang sitwasyon at dapat ay makabuo sila ng isang larawan gamit ang mga sarili nila na nagpapakita ng dapat gawin o kung paano sila makatutulong sa bawat |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | sa bahay, ‘di lamang para sa sarili kundi pati sa mga magulang at mga kapatid.<br><br>*Hihinto ang guro at magtatanong:*<br><br>*Sino-sino ang mga miyembro ng pamilya na nabanggit?*<br><br>Para sa aking sarili ay inilalagay ko sa kani-kanilang lalagyan ang lahat ng aking gamit sa paaralan at sa bahay. Sa ganitong paraan, hindi ako maghahanap at mag-aaksaya ng panahon lalo na kung nagmamadali ako.<br>Hindi na rin ako makagagalitan. Laging nasa lugar ang mga libro, *notebook*, lapis, *pentel pen, pad paper, school bag*, payong, sapatos, at lahat-lahat na. Walang kakalat- kalat.<br><br>*Hihinto ang guro at magtatanong:*<br><br>*Ano-ano ang mga ginagawa ng bata sa bahay para sa sarili?* | maghahanap at mag-aaksaya ng panahon lalo na kung nagmamadali ako.<br>Hindi na rin ako makagagalitan. Laging nasa lugar ang mga libro, *notebook*, lapis, *pentel pen, pad paper, school bag*, payong, sapatos, at lahat- lahat na. Walang kakalat- kalat.<br><br>Ako ay tumutulong din kina kuya at ate lalo na kung sila ay abala sa kanilang mga gawain. Pagdating nila mula sa paaralan ay sumasalubong na ako sa hagdan pa lamang upang kunin ang kanilang gamit at inilalagay sa kani-kanilang lalagyan. Kapag nagpuputol ng panggatong ang kuya ko ay iniaakyat ko na sa kusina ang maliliit na piraso. Kapag nagwawalis naman si Ate kinukuha ko ang basahan at ako na ang nagpupunas sa mga mesa at upuan.<br><br>Tatalakayin: Katulad sa kuwento kung saan pinapakita ang pagiging malinis ng bata, ano-ano ang mga alituntunin sa inyong pamilya pagdating sa kalinisan? | Isip-Pares-Bahagi<br><br>1. Si Karlo ay palaging nagliligpit ng kaniyang pinagkainan.<br><br>2. Si Cora ay madalas na iniiwan na lamang ang kaniyang maruming damit kung saan-saan matapos niyang magbihis. Isang araw ay naiwan niya ang kaniyang maruming damit sa gitna ng hagdan.<br><br>3. Si Ramon ay mahilig maglaro ng lupa sa bakuran nila at nakakalimutan niyang maghugas ng kamay bago kumain.<br><br>4. Si Risa ay mahilig pumunta sa bahay ng kalaro niya sa kabilang kalye nang hindi nagpapaalam sa kaniyang mga kasama sa bahay.<br><br>Tatalakayin ng guro ang mga maganda at hindi magandang epekto ng pagsunod at hindi pagsunod sa mga alituntunin sa pamilya<br>kasama ang paghingi ng | sitwasyon habang pinapanatili ang kalinisan, kaligtasan, at kalusugan. May isang minuto sila upang bumuo ng larawan at may isang miyembro ng grupo ang magpapaliwanag tungkol sa larawan nila.<br><br>Magbibigay ang guro ng mga alituntunin na dapat sundin habang naglalaro.<br><br>- Huwag magtulakan upang hindi magkasakitan.<br>- Isang minuto para buoin ang larawan at pagkatapos ng isang minuto walang magsasalita.<br>- Pumili ng isang miyembro ng grupo na maaaring magsalita upang ipaliwanag ang larawan.<br><br>Mga halimbawa ng sitwasyon:<br><br>1. may sakit si nanay mo at hindi kayang magluto ng tanghalian<br>2. umiiyak ang iyong mas nakababatang kapatid dahil gusto niyang maglaro sa labas ngunit malakas ang ulan |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Ako ay tumutulong din kina kuya at ate lalo na kung sila ay abala sa kanilang mga gawain. Pagdating nila mula sa paaralan ay sumasalubong na ako sa hagdan pa lamang upang kunin ang kanilang gamit at inilalagay sa kani- kanilang lalagyan.<br>Kapag nagpuputol ng panggatong ang kuya ko ay iniaakyat ko na sa kusina ang maliliit na piraso. Kapag nagwawalis naman si Ate kinukuha ko ang basahan at ako na ang nagpupunas sa mga mesa at upuan.<br><br>*Hihinto ang guro at magtatanong:*<br><br>*1. Sino-sino ang miyembro ng pamilya na nabanggit?*<br><br>*2. Paano tumutulong ang bata sa kuya at ate?*<br><br>Sina Tatay at Nanay ay naghahanapbuhay para sa amin. Sabi ng Nanay na malaking tulong daw | Pagkatapos magbahagi ng mga bata ng kanilang sagot, magbibigay ang guro ng mga halimbawa:<br><br>1. Maghugas ng kamay bago at pagkatapos kumain.<br><br><br>2. Ilagay ang maruming damit sa tamang lagayan.<br><br><br>Tatalakayin: Itatanong ng guro kung ano-ano naman ang mga alituntunin sa | kaisipan ng mga mag-aaral tungkol dito.<br><br>Ipaliliwanag ng guro ang halaga ng kalinisan, kalusugan, at kaligtasan sa buhay. | 3. magkakaroon ng handaan sa inyong bahay para sa kaarawan ng iyong kuya at madaming mga kaibigan niya ang pupunta<br>4. may parating na bagyo at kailangan ninyong maghanda<br>5. madaming kalat sa inyong kuwarto at makikitulog doon ang iyong lola nang dalawang gabi<br><br>Mungkahi: Maaaring magdagdag pa ng ibang sitwasyon o palitan ng guro ang mga sitwasyon na ibinigay. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | sa kanila ni Tatay kung kaming magkakapatid ay masunurin, masipag, magalang, at malinis. Natutuwa raw sila at hindi nila nararamdaman ang pagod at nagpapasalamat pa sa Panginoon.<br>Kaya naman, maingat kami sa damit upang 'di sobrang marumi ang lalabhan.<br>Takbo ako agad sa pagtulong kung kaya ko rin lamang gaya ng paghanda sa hapag- kainan, pagligpit, at paghugas ng pinagkainan pagkatapos.<br><br>*Hihinto ang guro at magtatanong:*<br>*1. Paano nakatutulong ang bata sa kaniyang nanay at tatay?*<br><br>*2. Ano ang nararamdaman ng nanay at tatay kapag masipag at masunurin ang mga anak?*<br><br>Ang dami ano?<br><br>'Pag nakagawian na ang isang bagay ay walang | kanilang pamilya na may kinalaman sa kalusugan.<br><br>Pagkatapos magbahagi ang mga bata ng kanilang sagot, magbibigay ang guro ng mga halimbawa:<br><br>1. Matulog nang maaga kung may pasok kinabukasan.<br><br><br><br>2. Maghugas ng kamay bago at pagkatapos kumain. | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | mahirap. At napakasarap sa pakiramdam pakinggan ang, “Ay salamat! Mabait at matulungin ang aking anak!”<br><br>*Magtatanong ang guro:*<br>*1. Anong bahagi ng kuwento ang naiisip mo na may pagkapareho sa iyo?*<br><br>*2. Anong bahagi ng kuwento ang nagustuhan mo at bakit?*<br><br>Source: [https://pinoycollection.com/maikling-kwento-tungkol-sa-pamilya/#Matulunging-Bata](https://pinoycollection.com/maikling-kwento-tungkol-sa-pamilya/#Matulunging-Bata) | <br><br>Tatalakayin: Itatanong ng guro kung ano-ano naman ang mga alituntunin sa kanilang pamilya na may kinalaman sa kaligtasan.<br><br>Pagkatapos magbahagi ang mga bata ng kanilang sagot, magbibigay ang guro ng mga halimbawa:<br><br>1. Magpaalam sa mga magulang o nakatatanda bago lumabas ng bahay. | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | <br>2. Huwag maglaro ng kahit anong maaaring simulan ng sunog.<br> | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | 3. Huwag maglaro ng matutulis na gamit na maaaring makasakit sa sarili o sa iba.  | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Tatalakayin muli ng guro ang kuwento at sasagot ang mga mag- aaral nang pasalita gamit ang buong pangungusap:<br><br>1. Ano-ano ang papel ng nanay, tatay, ate, at kuya sa isang pamilya na nabanggit sa kuwento?<br><br>2. Sa inyong sariling pamilya, ano-ano ang | Maglalagay ang guro ng *graphic organizer* sa pisara at pupunan ito ng mga mag- aaral ng alituntunin na may kinalaman sa kalinisan, kalusugan, at kaligtasan. | Hahatiin ng guro ang klase sa limang pangkat. Bawat pangkat ay bibigyan ng kalahating *manila paper* at mga pangguhit. Gagamit ang mga mag-aaral ng hugis tatsulok at parisukat sa pagguhit nila.<br><br>Ipaliliwanang ng guro kung ilang sulok at linya mayroon ang tatsulok at parisukat at magpapakita ng halimbawa. | Tatalakayin ng klase ang mga nakitang iba't ibang mga larawan.<br><br>Itatanong ng guro:<br>1. Ano ang nagustuhan ninyo sa mga larawan?<br>2. Ano ang natutunan ninyo sa mga ito? |
| | papel ni nanay, tatay, ate, at kuya? | | Ang dalawang pangkat ay guguhit ng magandang epekto ng pagsunod sa mga alituntunin sa pamilya habang ang tatlong pangkat naman ay guguhit ng hindi magandang epekto ng hindi pagsunod sa mga alituntunin sa pamilya. | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagpapalalim ng Kaalaman*<br>*at Kasanayan sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | (Ipaguguhit ng guro sa mga mag-aaral ang kanilang papel na ginagampanan sa kanilang pamilya at ibabahagi nila ang kanilang sagot sa klase gamit ang isa hanggang dalawang pangungusap.)<br><br>Ano ang papel na ginagampanan mo sa iyong pamilya? Iguhit ang iyong sagot. | Maglalaro ng *charades* ang klase na nagpapakita ng mga alituntunin na may kinalaman sa kalinisan, kalusugan, at kaligtasan. | Pupunan ng mga mag-aaral ang patlang sa sumusunod na mga pangungusap ng angkop na salita o mga salita upang mabuo ang diwa.<br><br>1. Mahalaga na ako ay manatiling malusog dahil ____________________.<br><br>2. Mahalaga ang kalinisan sa aming paaralan upang hindi ________________.<br><br>3. Dapat panatilihin ang kaligtasan sa aming bahay upang ____________________. | |
| | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | Panuto: Kumpletuhin ang sumusunod na mga pangungusap:<br><br>1. Ang tatay ko ang gumagawa ng _______________sa bahay. | Sasagutin ng mga mag-aaral sa papel:<br><br>Gumuhit ng isang alituntunin sa inyong pamilya na may kinalaman sa kalinisan, kalusugan, at kaligtasan. | Babasahin ng guro ang mga pangungusap. Tatayo ang mga mag-aaral kung ang pangungusap ay naaayon sa kanilang pinag- aralan at mananatiling nakaupo kung hindi. | Mag *thumbs up* ang mga mag-aaral kung sila ay sumasang-ayon sa ipakikita o babasahing pangungusap ng guro.<br><br>1. Kahit bata ka pa lamang, marami kang |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 2. Ang nanay ko ang gumagawa ng _____________sa bahay.<br><br>3. Si Ate ang gumagawa ng ____sa bahay.<br><br>4. Si Kuya ang gumagawa ng ______________sa bahay.<br><br>5. Ako ang gumagawa ng ______sa bahay.<br><br>Panuto: Pumalakpak ng dalawang beses kung ang ipakikitang larawan ay may kinalaman sa tinalakay.<br><br>1. larawan ng nanay na nagtatrabaho<br>2. larawan ng batang naglilinis ng kuwarto<br>3. larawan ng isang kotse (Maaring palitan ng guro ng larawan ng walang kinalaman sa tinalakay sa araw na ito.) | Sasagutin ng mga mag-aaral nang pasalita:<br><br>Bakit sa palagay ninyo mahalaga na sumunod sa mga alituntunin ng pamilya? | 1. Ang pagtupad ng bawat miyembro ng pamilya sa kanilang papel nang maayos ay nagdudulot ng kapayapaan sa pamilya.<br><br>2. Ang hindi pag-alaga sa sariling kalusugan ay maaaring magdulot ng sakit sa sarili at sa iba.<br><br>4. Ang mga bata ay hindi inaasahan na gampanan ang kanilang papel sa kanilang tahanan.<br><br>5. Ang mga bata ay walang maitutulong sa pagpapanatili ng kaligtasan sa kanilang barangay. | magagawa upang matulungan ang iyong pamilya.<br>2. Bilang bata, dapat natin iasa sa ating mga kapamilya ang lahat ng mga gawaing bahay.<br>3. Ang pagtutulungan ay nakagiginhawa ng buhay.<br>4. Ang pagganap mo sa iyong papel ay nakatutulong sa pagginhawa ng buhay ng iba.<br>5. Ang pananatili ng kalinisan, kaligtasan at mabuting kalusugan ay responsibilidad ng lahat ng tao.<br><br>Mungkahi: Maaaring magdagdag pa ng ibang pangungusap o palitan ng guro ang mga ibinigay. |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Tatawag ang guro ng tatlo hangang apat na mag-aaral upang magbahagi ng kanilang naramdaman at natutunan sa aralin. | Tatawag ang guro ng tatlo hanggang apat na mag-aaral upang magbahagi ng kanilang naramdaman at natutunan sa aralin. | Tatawag ang guro ng tatlo hanggang apat na mag- aaral upang magbahagi ng kanilang naramdaman at natutunan sa aralin. | Tatawag ang guro ng tatlo hanggang apat na mag-aaral upang magbahagi ng kanilang naramdaman at natutunan sa aralin. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 1. Natutunan ko<br><br>~~ang ngayong araw.~~<br><br>2. Naramdaman ko ang ____________________ ngayong araw.<br><br>Mungkahi: Maaaring baguhin ng guro ang mga halimbawa na mas naaayon sa konteksto ng<br>mga mag-aaral. | 1. Natutunan ko ang ____________________ at ____________________ngayong araw.<br><br>2. Naramdaman ko ang ____________________ngayong araw.<br><br>Mungkahi: Maaring baguhin ng guro ang mga halimbawa na mas naaayon sa konteksto ng mga mag-aaral. | 1. Natutunan ko ang ____________________ngayong araw.<br>2. Naramdaman ko ang ____________________ngayong araw.<br><br>Mungkahi: Maaring baguhin ng guro ang mga halimbawa na mas naaayon sa konteksto ng mga mag-aaral. | 1. Natutunan ko ang ____________________ngayong araw.<br>2. Naramdaman ko ang ____________________ngayon araw.<br><br>Mungkahi: Maaring baguhin ng guro ang mga halimbawa na mas naaayon sa konteksto ng mga mag-aaral. |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | | Maaaring pasagutan ang LAS 1 sa araw na ito. | Maaaring sagutan ang LAS 2 sa araw na ito. | Maaaring sagutan ang LAS 3 sa araw na ito. |
| *Mga Tala* | Maaaring gawin ang LAS 1 sa araw na ito. | Maaaring gawin ang LAS 2 sa araw na ito. | Maaaring gawin ang LAS 2 sa araw na ito. | |
| *Repleksiyon* | | | | |

Inihanda ni: ____________________________ Guro

Nirebyu ni: ____________________________ Master Teacher / Head Teacher

Pinagtibay ni: ____________________________ School Head